Tunay na iparating ng nakapagsaksi sa inyo sa mga hindi nakadalo sa inyo;Huwag kayong magdasal pagkatapos ng Fajr maliban sa dalawang pagpapatirapa

Ayon kay Yaser,katulong ni Ibn `Umar,Nagsabi siya:Nakita ako ni `Ibn `Umar habang ako ay nagdadasal,pagkatapos ng dasal ng Fajr,Nagsabi siya: O Yaser,Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay lumabas sa amin at kami ay nagdadasal sa dasal na ito,Ang sabi niya: ((Tunay na iparating ng nakapagsaksi sa inyo sa mga hindi nakadalo sa inyo;Huwag kayong magdasal pagkatapos ng Fajr maliban sa dalawang pagpapatirapa.))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Nakita ni `Abdullah bin `Umar -malugod si Allah sa kanilang dalawa-si Yaser,at siya ay katulong niya,Ibig sabihin ay:Siya ay alipin niya,at pinalaya niya ito,Nakita niya ito na nagdadasal ng kusang-loob na dasal pagkatapos ng pagsikat ng Fajr at bago ang pagdarasal,At marahil ay nakapagdagdag siya ng dalawang tindig,Nagsabi siya: " O Yaser,Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay lumabas sa amin,at kami ay nagdadasal sa dasal na ito," ibig sabihin ay: Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nakita sila na nagdadsal ng kusang-loob na dasal pagkatapos ng pagsikat ng Fajr,at bago ang pagdarasal,Sobra sa kusang-loob na dasal" Nagsabi siya:"(Tunay na iparating ng nakapagsaksi sa inyo sa mga hindi nakadalo sa inyo;Huwag kayong magdasal pagkatapos ng Fajr maliban sa dalawang pagpapatirapa" ibig sabihin ay: Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ibig sabihin ay: Ipaparating ng nakadalo sa dinadaluan,ang hindi nakadalo ang salitang ito," Huwag kayong magdasal pagkatapos ng dasal ng Fajr" ibig sabihin ay:Pagkatapos ng pagsikat ng Fajr, At pinagtitibay ito ng salaysay ni Imam Ahmad(Walang dasal pagkatapos ng pagsikat ng Fajr maliban sa dalawang tindig ng Fajr) Ibig sabihin ay: Walang kusang-loob na dasal pagkatapos ng pagsikat ng Fajr maliban sa Sunnah na Rawatib at ito ay dalawang tindig,At ang nasabi niya:" Maliban sa dalawang pagpapatirapa" ibig sabihin ay:Dalawang buong tindig,at ito ay sa pangkalahatan ng ilang bahagi nito,at pagnanais sa kabuuan;Tulad ng pagbibigay kahulugan nito sa unang salaysay.At ito ang sinasang-ayunan dahil sa patnubay niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sapagkat siya ay hindi nagdadasal pagkatapos ng pagsikat ng Fajr maliban sa dalawang tindig namagaan,At sa kanya;Kapag sumikat ang Fajr,Hindi ipinapahintulot sa sa isang Muslim na magdasal ng kusang-loob na dasal maliban sa dalawang tindig na dasal sa Fajr,Tulad ng naipatnubay niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,At ang pinakamainam na patnubay,ay ang patnubay ni Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kaya napagpasiyahan ang hindi pagpapahintulot sa pagdasal ng kusang-loob na dasal pagkatapos sumikat ng Fajr maliban sa Sunnah na Rawatib.At

itinuturing ang oras na ito sa mga oras na ipinagbabawal ang pagganap ng dasal rito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10612